

---

ANG SULAT NI PABLO SA MGA TAGA

# GALACIA

---

Gabay sa pag-aaral ng Bibliya ng Kaagapay Group

*Ako'y ipinakong kasama ni Cristo  
at hindi na ako ang nabubuhay,  
kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin,  
at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman  
ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya  
sa Anak ng Diyos na sa akin ay nagmahal,  
at nagbigay ng kanyang sarili dahil sa akin.  
GALACIA 2:20*



**BALIWAG BIBLE CHRISTIAN CHURCH**

*We exist to build local and global GRACE-communities  
of committed followers of Christ for the glory of God.*

---

✉ 085 Vergel de Dios St., Concepcion, Baliwag, Bulacan 3006 Philippines  
☎ 044.766.0747/0922.8102281    🌐 <http://pastorderick.wordpress.com>

**Ang Sulat ni Pablo sa mga taga-Galacia:  
Gabay sa Pag-aaral ng Bibliya ng Kaagapay Group**  
Karapatan sa pagmamay-ari ©2010

Isinulat ni Derick Parfan

Malibang binabanggit, ang lahat ng sipi ng Kasulatan ay hinango mula sa  
*Ang Biblia*, karapatan sa pagmamay-ari © Philippine Bible Society, 2001.



**BALIWAG BIBLE CHRISTIAN CHURCH**

*We exist to build local and global GRACE-communities  
of committed followers of Christ for the glory of God.*

✉ 085 Vergel de Dios St., Concepcion, Baliwag, Bulacan 3006 Philippines  
☎ 044.766.0747/0922.8102281    🌐 <http://pastorderick.wordpress.com>

4. Sa anu-anong paraan katulad tayo nila na nagmamalaki sa sariling gawa natin? Magbigay ng mga halimbawa.
5. Basahin ang verses 14-15. Salungat sa mga Judaizers, ano ang isang bagay na ipinagmamalaki o ipinagmamapuri ni Pablo? Ano ang ibig sabihin ng pagmamalaki na ito kung titingnan natin ang laki ng pagpapahalaga dito ni Pablo? Tingnan ang Filipos 3:7-8 at 1 Corinto 2:2.
6. Anong mga dahilan ang binanggit ni Pablo kung bakit ganito ang kanyang damdamin para kay Cristo? Bakit ito napakahalaga kay Pablo at sa ating mga Cristiano? Balikan din ang Galacia 2:20.
7. Anu-ano ang mga naranasan mo dahil sa ginawa ni Cristo? Balikan ang mga napag-aralan sa Galatians.
8. Sa anu-anong paraan nakikita ng Diyos na hindi natin pinahahalagahan o naipagmamalaki ang ginawa ni Cristo sa krus para sa atin?
9. Sa anu-anong paraan naman maipapakita natin ang pagmamalaki kay Cristo at sa kanyang kamatayan sa krus?

**PAGSASABUHAY**

10. Anong isang bagay ang ipinagmamalaki mo na nais ngayon ng Diyos na bitawan mo? Ano ang gagawin mo ukol dito?
11. Ano ang gagawin mo upang maipakita na ang pinakamahalagang bagay na mayroon ka sa buhay ay si Cristo at ang kanyang ginawa sa krus para sa iyo?
12. Ano ang pinakamahalagang bagay na natutunan mo sa pag-aaral ng Galatians? Ano ang nakita mong pagbabago sa iyong paniniwala at pamumuhay? Magpasalamat sa Diyos.
13. Isaulo ang Galacia 2:20.

# CHRIST CRUCIFIED: MY ONLY BOAST

## GALACIA 6:11-18

*Tingnan ninyo kung sa gaano kalalaking mga titik sumusulat ako sa inyo sa pamamagitan ng aking sariling kamay! <sup>12</sup>Ang mga nais gumawa ng magandang palabas sa laman ang siyang pumipilit sa inyo na magpatuli, upang hindi sila usigin dahil sa krus ni Cristo. <sup>13</sup>Sapagkat maging ang mga nagpatuli ay hindi rin naman tumutupad ng kautusan; ngunit ibig nila kayong magpatuli upang sila'y makapagmalaki sa inyong laman. <sup>14</sup>Subalit huwag nawang mangyari sa akin ang magmalaki, maliban sa krus ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na sa pamamagitan nito ang sanlibutan ay ipinako sa krus para sa akin, at ako'y sa sanlibutan. <sup>15</sup>Sapagkat ang pagtutuli o ang di-pagtutuli ay walang kabuluhan, kundi ang bagong nilalang. <sup>16</sup>Kapayapaan at kaawaan nawa ang sumakanilang lahat na lumalakad sa alituntuning ito, at maging sa Israel ng Diyos. <sup>17</sup>Buhat ngayon ay huwag akong guluhin ng sinuman; sapagkat taglay ko sa aking katawan ang mga bakas ng paghihirap ni Jesus. <sup>18</sup>Mga kapatid, ang biyaya ng ating Panginoong Jesu-Cristo ay sumainyo nawang espiritu. Amen.*

## PANIMULA

1. Sinong kaibigan ang sa tingin mo ay maipagmamalaki mo sa iba? Bakit mo siya maipagmamalaki? Magbanggit ng mga katangian niya o mga bagay na nagawa niya.

*Tulay sa Pag-aaral:* Lahat ng tao ay may ipinagmamalaki - maaaring sa sarili niya o sa ibang bagay. Sa huling bahagi ng sulat ni Pablo, ipinakita niya ang laki ng agwat ng ipinagmamalaki ng mga Judaizers sa nag-iisang ipinagmamalaki niya. Ang isang pagmamalaki ay hindi nakalulugod sa Diyos, ang isa naman ay kagustuhan ng Diyos na ipagmalaki natin. Sa pag-aaral na ito, titingnan natin kung ano iyong nag-iisang dapat ipagmalaki natin.

## PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verses 11, 16, at 18. Sa mga talatang ito, paano ninyo nakikita ang laki ng concern ni Pablo sa mga taga-Galacia? Paano ito makahihikayat sa kanila na muling pakinggan si Pablo?
3. Basahin ang verses 12-13. Anu-ano ang ipinahayag ni Pablo na mga katangian ng mga taong nanggugulo sa kanila? Ano ang dahilan kung bakit nais nilang ipatuli ang mga taga-Galacia? Ikumpara ito sa hangarin ni Pablo na pinag-usapan sa No. 2.

# CONTENTS

No.	Lesson Title	Text
1	Grace to Us and Glory to God	1:1-5
2	Only One Gospel*	1:6-9
3	Slave of Christ	1:10-12
4	Transforming Grace*	1:13-24
5	Together for the Gospel	2:1-10
6	Walking Straight in the Gospel	2:11-14
7	Justification by Faith Alone*	2:15-21
8	Foolish Galatians!*	3:1-5
9	Blessed Sons of Abraham*	3:6-9
10	From Curse to Blessing	3:10-14
11	The Unchanging Promise of God	3:15-18
12	The Law	3:19-24
13	From Slavery to Sonship*	3:25-4:7
14	A Pastor's Love Letter	4:8-20
15	Children of Promise	4:21-31
16	For Freedom Christ Has Set Us Free*	5:1-12
17	Free to Love	5:13-15
18	Walking by the Spirit*	5:16-26
19	Do not Grow Weary of Doing Good*	6:1-10
20	Christ Crucified: My Only Boast*	6:11-18

Kung nais ng grupo na matapos ang pag-aaral na ito sa loob ng 10 lingo, maaaring piliin lamang ang mga aralin na may (\*). Tiyaking sa pag-aaral ay basahin din ang mga talatang nalaktawan upang makita ang konteksto ng pag-aaral. Mas maganda pa rin kung mapag-aralan lahat.

# INTRODUCTION

(galing sa *ESV Study Bible*)


## AUTHOR AND RECIPIENTS

“Si Pablo na apostol” ang sumulat nito (1:1). Ito ay isinulat niya “sa mga iglesia ng Galacia (1:2) na sinabihan din niyang “hangal na mga taga-Galacia!” (3:1). Ang pinagtatalunan lang ng mga iskolar ay kung anong Galacia ang tinutukoy niya.

Ang sulat ni Pablo sa mga taga-Galacia ay malamang na isinulat sa mga iglesia na itinayo niya sa kanyang unang pangmisyonerong paglalakbay (*first missionary journey*) (Gawa 13:1-14:28). Malamang na isinulat niya ito mula sa kanyang *home church* sa Antioch sa Syria, ilang sandali bago ang pagpupulong sa Jerusalem (15:1-31).

## DATE AND SETTING

Ang ilang mga palatandaan ng petsa ng pagkakasulat nito ay matatagpuan din sa sulat mismo. Ni hindi binanggit ni Pablo rito ang tungkol sa pagpupulong sa Jerusalem (Gawa 15). Malaking bagay ito na makakatulong sa mga argumento ni Pablo sa sulat kung binanggit niya ang desisyon ng konseho na ang mga Hentil ay hindi dapat ipatuli. Ito ang isang malaking isyung pinagtatalunan sa pagitan ni Pablo at ng mga bulaang guro na nakakaimpluwensiya sa mga taga-Galacia. Kung ang pagpupulong ay nangyari noong A.D. 48/49, at nagmisyon si Pablo sa timog ng Galacia



3. Anu-anong hakbang ang maaari nating gawin upang matulungan ang isang kapatid na nahulog sa kasalanan?
4. Basahin ang verses 3-5. Ngayon naman ay sinasabi ni Pablong dalhin natin ang sarili nating pasanin (v. 5). Ano ang babala na ibinibigay dito ni Pablo? Sa tingin mo ay bakit niya binigay ang babalang ito pagkatapos sabihin ang responsibilidad natin sa kapatid nating nagkasala?
5. Basahin ang verse 6. Anong klaseng kabutihan ang nais ni Pablong ipakita natin sa mga nagtuturo ng Salita ng Diyos? Anu-anong kongkretong hakbang ang maaari nating gawin upang maipakita ito?
6. Basahin ang verses 7-9. Anong prinsipyo sa buhay ang itinuturo dito ni Pablo? Paano ito makaka-*encourage* sa atin sa paggawa natin ng mabuti sa mga panahong parang tayo rin ay nanghihina?
7. Ang gantimpala bang nakalaan sa atin ay parang bayad sa ginawa nating kabutihan? Patunayan ito batay na rin sa mga napag-aralan sa Galacia patungkol sa batayan ng ating kaligtasan dahil sa ginawa ni Cristo.
8. Basahin ang verse 10. Bakit sa tingin ninyo medyo espesyal (“lalung-lalo na”) ang paggawa natin ng mabuti sa ating kapatid kay Cristo kung ikukumpara sa hindi mga Cristiano? Maaring ihalintulad ito sa pakikitungo mo sa mga kasama sa bahay kung ikukumpara sa kapitbahay.
9. Paano mo nakikita sa buhay mo ang pagsunod ng utos sa verse 10?

## PAGSASABUHAY

10. Sinong *hindi pa Cristiano* ang gagawan mo ng kabutihan ngayong linggong ito? Ano ang gagawin mo upang madama niya ang iyong pagtulong sa kanya? Magbigay ng kongkretong mga hakbang.
11. Sinong *kapatid kay Cristo* ang gagawan mo ng kabutihan ngayong linggong ito? Ano ang gagawin mo upang madama niya ang iyong pagtulong sa kanya? Magbigay ng kongkretong mga hakbang.

## DO NOT GROW WEARY OF DOING GOOD

### GALACIA 6:1-10

*Mga kapatid, kung ang isang tao ay natagpuan sa anumang pagsuway, kayong mga espirituwal ay dapat panunumbalikin siya sa espiritu ng kaamuan. Tingnan ang iyong sarili, baka ikaw ay matukso rin. <sup>2</sup>Dalhin ninyo ang mga pasanin ng isa't isa, at sa gayon ay matutupad ninyo ang kautusan ni Cristo. <sup>3</sup>Sapagkat kung inaakala ng sinuman na siya'y may kabuluhan, gayong wala naman siyang kabuluhan, ay dinadaya niya ang kanyang sarili. <sup>4</sup>Ngunit subukin ng bawat isa ang kanyang sariling gawa, at kung magkagayon, ang kanyang dahilan upang magmalaki ay sa kanyang sarili lamang, at hindi sa kanyang kapwa. <sup>5</sup>Sapagkat ang bawat tao ay dapat magdala ng kanyang sariling pasan. <sup>6</sup>Ang tinuturuan ng salita ay dapat magbahagi sa nagtuturo ng lahat ng mga bagay na mabuti. <sup>7</sup>Huwag kayong padaya; ang Diyos ay hindi maaaring lokohin, sapagkat ang anumang ihasik ng tao, ay siya rin niyang aanihin. <sup>8</sup>Sapagkat ang naghahasik para sa kanyang sariling laman ay mula sa laman mag-aani ng kasiraan; subalit ang naghahasik sa Espiritu, mula sa Espiritu ay mag-aani ng buhay na walang hanggan. <sup>9</sup>At huwag tayong manghinawa sa paggawa ng mabuti, sapagkat sa takdang panahon ay mag-aani tayo, kung hindi tayo manlulupaypay. <sup>10</sup>Kaya't habang may pagkakataon, gumawa tayo ng mabuti sa lahat, lalung-lalo na sa mga kabilang sa sambahayan ng pananampalataya.*

### PANIMULA

1. Ano ang naramdaman mo nang may isang taong tumulong sa iyo sa oras ng iyong pangangailangan? Ano ang nakita mong dahilan kung bakit niya ginawa ito?

*Tulay sa Pag-aaral:* Kahit mga hindi Cristiano ay gumagawa ng mabuti sa kanyang kapwa. Ngunit may kaibahan ang mga kabutihang ginagawa ng mga Cristiano. Ito ay bunga ng kalayaang tinanggap natin kay Cristo (5:1, 13). Ang layunin nito ay ang karangalan ng Diyos. May nakalaang gantimpala ang Diyos dito dahil sa ginawa ni Cristo sa krus. Ang kapangyarihan at patnubay ng paggawa natin ng mabuti ay nanggagaling sa Espiritu. Kaya naman, hindi tayo magsasawa sa paggawa ng mabuti at gagawin natin ito sa lahat ng pagkakataon.

### PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verses 1-2. Anong klaseng pasanin ang dapat nating dalhin bilang tulong sa ating kapatid? Anu-ano ang kundisyon na ibinigay ni Pablo para sa mga taong magpapanumbalik sa isang kapatid na nagkasala?

noong A.D. 47/48, malamang na mga A.D. 48 niya isinulat ito. Ngunit mahirap magkaroon ng katiyakan sa bagay na ito. (Tingnan ang *timeline* sa ibaba. Ang mga petsang may (\*) ay hindi tiyak.)

### THEME

Ang kamatayan ni Cristo ay naghatid ng panahon ng bagong tipan (3:23–26; 4:4–5, 24), kung saan ang mga mananampalataya ay hindi kinakailangang maging mga Judio o sumunod sa mga panlabas na seremonya ng kautusang ibinigay Moises (2:3, 11–12, 14; 4:10). Kung kakailanganing sundin ang mga ito, ito ay magpapawalang-bisa sa sentro ng ebanghelyo (*gospel*), na tayo'y ibinibilang ng Diyos na matuwid sa pamamagitan lamang ng pananampalataya (*justification by faith alone*), hindi ng pagsunod sa kautusan (2:16; tingnan din ang 1:6–7). Sa bagong kapanahunang ito, ang mga Cristiano ay dapat na mamuhay ayon sa paggabay at kapangyarihan ng Espiritu (chapters 5-6).

### PURPOSE, OCCASION, BACKGROUND

Isang krisis ang tumama sa iglesia sa Galacia. Naitatag ang iglesia rito bilang bunga ng pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapahayag ni Pablo ng ebanghelyo (3:1–5; 4:13–15). Ngunit pagkatapos lang ng maikling panahon simula nang umalis si Pablo (1:6), ang iglesia ay dinalaw o pinasok ng mga bulaang guro na tinawag ni Pablo na mga “ilan na nanggugulo sa inyo” (1:7; tingnan din ang 5:12). Ang mga taga-Galacia ay nakumbinse ng mga gurong ito na maniwala sa isang maling ebanghelyo na nagsasabing dapat silang magpatuli. Nakikita ni Pablo ang mga nagpapanggap na Cristianong ito na gusto lamang nilang magkaroon ng mga tagasunod para sa kanilang sariling katanyagan. Gusto nilang makuha ang pagsang-ayon ng mga lider na Judio kung magiging epektibo sila sa paghatak sa mga Hentil na lumapit sa isang anyo ng Judaismo (6:12). Nakagawa na sila ng sekta na sila ang kinikilalang mga pinuno, naiwasan pa nila ang pag-uusig ng mga Judio. Isa pang epekto nito sa mga taga-Galacia ay ang pagkakahati-hati sa loob ng iglesia na marahil ay may kinalaman sa isyung may kinalaman sa pagtutuli at pagsunod sa kautusan ni Moises (5:15)

Bagamat nakikitang ang mga taga-Galacia ay parang nagayuma ng mga gurong ito at nakumbinse ng kanilang mga katuruan (1:6), naniniwala si Pablóng ang kanilang sitwasyon ay may pag-asa pang masolusyunan (3:4). Sa kabila noon, mapapansing si Pablo ay mas kritikal sa mga taga-Galacia kung ikukumpara sa ibang sulat niya. Pinagsabihan niya sila dahil sa kanilang pagiging hangal (3:1) at nagbigay ng maraming mga dahilan kung bakit dapat silang bumalik sa katotohanan.

## KEY THEMES

1. Sa kanyang kamatayang nagdala ng ating mga kasalanan, si Cristo ang kahalili (*substitute*) ng lahat ng mga Cristiano, na kanyang dinala as bagong kalagayang may kalayaan at buhay (1:4; 2:20; 3:13).
2. Ang ebanghelyo ni Cristo ay para sa sangkatauhan, ngunit hindi puwedeng sabihing ang pinanggalingan nito ay mula sa tao; ito ay galling lamang sa Diyos. Si Pablo mismo ang ilustrasyon nito: ang kanyang pagbaling kay Cristo at kanyang pagiging apostol ay hindi mula sa pakikipagsangguni sa tao kundi sa pamamagitan ng pahayag na nanggaling mismo kay Cristo (1:1, 11–12, 15–20).
3. Ang tugon sa ebanghelyo ay hindi sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan kundi sa pamamagitan ng pananampalataya, na siyang daan kung paanong tayo ay ibibilang ng Diyos na matuwid (*justification*) (2:16).
4. Hindi dapat gawing *requirement* ang pagpapatuli at iba bang seremonyang nakasaad sa kautusan ni Moises tulad ng mga utos tungkol sa pagkain at mga pagdiriwang ng mga Judio. Kung ang mga ito ay idaragdag sa pananampalataya, ito ay pagtalikod sa kalagayan ng biyaya, pananampalataya, at kalayaan, at paglapit sa pagiging nasa ilalim ng buong kautusan at ang sumpang kalakip nito, dahil ang lubos na pagsunod rito ay imposible sa tao (2:12–14, 16; 3:10; 4:10; 5:3).
5. Ang Kasulatan ng Lumang Tipan mismo ang nagpapatotoo sa katotohanan ng *justification by faith*, parehong sa buhay ni Abraham at sa propesiya ni Habakkuk (Gen. 15:6; Hab. 2:4).
6. Ang pinanggalingan ng buhay Cristiano ay ang kamatayan sa kasalanan ng isang mananampalatayang namatay kasama ni Cristo, at samakatuwid ay ang pagtatakwil sa “laman” (makasalananang pagnanasa ng tao) (5:24; 6:14).
7. Ang Espiritu ang pinanggagalingan ng kapangyarihan at patnubay sa buhay Cristiano, at ang gawa ng Espiritu ay nagbubunga ng pag-ibig at pananampalataya (5:6, 16, 18, 25).
8. Ang buhay Cristiano ay isang buhay na may layuning bigyang kaluguran hindi ang mga tao kundi si Cristong ating Panginoon at may kahandaang dumanas ng hirap sa pag-uusig alang-alang sa krus ni Cristo (1:10; 6:12, 14).

3. Basahin ang verses 17-18. Paano mo isasalarawan ang relasyon ng Espiritu sa “laman” (tumutukoy sa mga makasariliat mga makasalananang pagnanasa natin)?
4. Ano ang ipinapakita sa atin ng mga talatang ito tungkol sa dapat na attitude natin sa pakikipaglaban sa kasalanan?
5. Basahin ang verses 19-21. Isa-isahin ang mga kasalananang binanggit ni Pablo. Bakit sa tingin mo tinawag niya itong “mga gawa ng laman”? Ano ang kahihinatnan ng mga taong nagpapatuloy sa ganitong klaseng pamumuhay?
6. Ano ang babalang dapat nating pakinggan sa tuwing naaakit tayong gumawa ng kasalanan?
7. Basahin ang verses 22-23. Isa-isahin ang “bunga” (hindi “mga bunga”) ng Espiritu. Ano sa tingin mo ang nais niyang bigyan ng diin bakit niya ito tinawag na “bunga”? Ito ba ay makikita sa bawat isang tunay na Cristiano? Patunayan.
8. Sa pagkakaintindi natin sa katagang “bunga ng Espiritu,” ano ang dapat nating alalahanin sa tuwing nararamdaman natin ang *frustration* dahil hindi natin masyadong makita ang ilan sa bungang binanggit ni Pablo?
9. Basahin ang verses 24-26. Upang makapamuhay tayo ayon sa patnubay ng Espiritu, ano ang dapat nating alalahaning nangyari na at ginawa na para sa atin ni Cristo? Sa tingin mo, bakit ito mahalaga sa ating paglakad sa Espiritu?

## PAGSASABUHAY

10. Paano makakatulong ang natutunan mo sa paglakad sa Espiritu sa pakikipaglaban sa kasalanan ngayon ay nahihirapan kang labanan? Magbigay ng mga konkretong hakbang na gagawin mo.
11. Anong bunga ng Espiritu ang nais mo ngayong mapaunlad? Ano ang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin mo ukol dito?

## WALKING BY THE SPIRIT

### GALACIA 5:16-26

Subalit sinasabi ko, lumakad kayo ayon sa Espiritu, at huwag ninyong bigyang -kasiyahan ang mga pagnanasa ng laman. <sup>17</sup>Sapagkat ang laman ay nagnanasa laban sa Espiritu, at ang Espiritu ay laban sa laman; sapagkat ang mga ito ay laban sa isa't isa, upang hindi ninyo magawa ang mga bagay na nais ninyong gawin. <sup>18</sup>Subalit kung kayo'y pinapatnubayan ng Espiritu, kayo ay wala sa ilalim ng kautusan. <sup>19</sup>Ngayon ay hayag ang mga gawa ng laman, ang mga ito ay pakikiapid, karumihan, kahalayan, <sup>20</sup>pagsamba sa diyus-diyosan, pangkukulam, alitan, pagtatalo, paninibugho, pagkagalit, pagkamakasarihi, pagkakabaha-bahagi, mga pagkakampi-kampi, <sup>21</sup>pagkainggit, paglalasing, kalayawan, at ang mga katulad nito. Binabalaan ko kayo, gaya ng aking pagbabala noong una sa inyo, na ang mga gumagawa ng gayong mga bagay ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos. <sup>22</sup>Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, <sup>23</sup>kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Laban sa mga ito ay walang kautusan. <sup>24</sup>At ipinako sa krus ng mga na kay Cristo Jesus ang laman na kasama ang masasamang pagnanasa at mga kahalayan nito. <sup>25</sup>Kung tayo'y nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, lumakad din tayo sa patnubay ng Espiritu. <sup>26</sup>Huwag tayong maging palalo, na ginagalit ang isa't isa at naiinggit sa isa't isa.

### PANIMULA

1. Ano'ng nararamdaman ninyo sa mga panahong ginagawa na ninyo ang lahat ng inyong makakaya ngunit hindi ninyo pa rin mapagtagumpayan ang isang kasalanan?

*Tulay sa Pag-aaral: Frustrated* tayo o naiinis sa sarili natin kapag kahit alam nating mali at hindi nakalulugod sa Diyos ay iyon pa rin ang ginagawa natin at iyong alam naman nating tama ay hindi natin ginagawa. Ganito rin ang nararanasan ni Pablo sa kanyang pakikibaka sa kasalanan sa kanyang buhay (Roma 7:15-16, 18-19, 21-23). Sa Galacia 5:16-26, nais bigyang diin ni Pablo na **tayo ay makapamumuhay nang tagumpay sa kasalanan hindi sa pamamagitan ng sariling gawa natin kundi sa pamamagitan ng paglakad sa Espiritu.**

### PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 16. Ano ang kahulugan ng paglakad sa Espiritu (tingnan ang mga katagang ginamit din sa verses 18, 22, at 25)? Ano ang ipinapakitang relasyon ni Pablo sa pagitan ng paglakad sa Espiritu at sa pakikipaglaban natin sa kasalanan?



## GRACE TO US AND GLORY TO GOD

### GALACIA 1:1-5

*Si Pablo na apostol - hindi mula sa mga tao, o sa pamamagitan man ng tao, kundi sa pamamagitan ni Jesu-Cristo, at ng Diyos Ama, na muling bumuhay sa kanya mula sa mga patay - <sup>2</sup>at ang lahat ng mga kapatid na kasama ko, Sa mga iglesya ng Galacia: <sup>3</sup>Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Diyos na ating Ama, at sa ating Panginoong Jesu-Cristo, <sup>4</sup>na nagbigay ng kanyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo'y kanyang mailigtas mula sa kasalukuyang masamang kapanahunan, ayon sa kalooban ng ating Diyos at Ama, <sup>5</sup>sumakanya ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.*

### PANIMULA

1. Magbahagi ng isang pangyayari kung saan may nagbalita sa iyo na naniwala ka noong una at nalaman mo pagkatapos na hindi pala totoo. Ano ang naramdaman mo o mararamdaman mo kapag nangyari ito sa iyo?

*Tulay sa Pag-aaral:* May mga nagbabalita sa mga taga-Galacia ng tungkol sa kaligtasan na hindi sang-ayon sa ipinangaral ni Pablo. Dito pa lamang sa simula ng sulat niya, ipinakita niya kung bakit siya dapat pakinggan ng mga Cristiano doon at gaano kahalaga ang mensaheng dinala niya noon pa.

### PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 1. Paano ipinakilala ni Pablo ang kanyang sarili? Ano ang kahalagahan ng pagpapakilalang ito sa isyu na kinakaharap niya sa mga iglesya sa Galacia? Ano sa tingin mo ang sinasabi ng ibang mga guro tungkol sa kanya?
3. Basahin ang verse 2. Sa tingin mo, ano ang kahalagahan na banggitin ni Pablo sa sulat niya na ito ay galing din sa "lahat ng mga kapatid na kasama ko"? Paano nito pinatutunayan na totoo ang mensahe ng kaligtasang ipinangaral niya?

5. Ang isang Cristiano na malaya na sa kautusan ay dapat pa ring sumunod sa kautusan (maliban sa mga "ceremonial" at "civil laws" sa Lumang Tipan). Naniniwala ka ba rito? Bakit o bakit hindi? Patunayan ang sagot.
6. Sa paanong paraan nais ng Diyos na ipamuhay natin ang kalayaang ito (v. 13)? Paanong ang pag-ibig at paglilingkod (o pagiging alipin ng iba) ay nagpapakita ng kalayaang mayroon na tayo?
7. Sa anu-anong paraan natin naipapakita ang pag-ibig na ito sa ating kapwa na gaya ng sa ating sarili (v. 14)? Sa paanong paraan mo naipapakita na ito sa iba? Magbigay ng mga halimbawa?
8. Ayon sa verse 14, kung iniibig natin ang ating kapwa gaya ng ating sarili ay natutupad ang "buong kautusan." Bakit ito nasabi ni Pablo? Sa paanong paraan natutupad ang kautusan sa pamamagitan nito? Tingnan din ang Roma 13:8-10, Mateo 22:37-40, at 1 Juan 4:7-12.
9. Ano ang babala ni Pablo sa verse 15? Bakit hindi ito dapat nangyayari sa pagitan ng magkakapatid kay Cristo?
10. Sa paanong paraan nakakagawa tayo ng isang bagay na ikakasira ng kalayaan ng ibang kapatid kay Cristo at ng ating iglesya?

### PAGSASABUHAY

11. Ano'ng isang bagay ang gagawin mo ngayong lingo, bilang pagpapakita ng pag-ibig na bunga ng kalayaang tinanggap natin kay Cristo, para:
  - a. Sa iyong asawa/kapamilya;
  - b. Sa isang kapatid kay Cristo; at
  - c. Sa isang kaibigang hindi pa Cristiano.



LESSON 17  
**FREE TO LOVE**

**GALACIA 5:13-15**

*Sapagkat kayo, mga kapatid, ay tinawag sa kalayaan; subalit huwag lamang ninyong gagamitin ang inyong kalayaan bilang isang kadahilanan para sa laman, kundi sa pamamagitan ng pag-ibig ay maging alipin kayo ng isa't isa. <sup>14</sup>Sapagkat ang buong kautusan ay natutupad sa isang pangungusap, "Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." <sup>15</sup>Ngunit kung kayo-kayo ang nagkakagatan at nagsasakmalan, mag-ingat kayo, baka kayo'y magkaubusan.*

**PANIMULA**

1. Para saan ang isang *driver's license*? Paano kung wala kang *driver's license*? Anu-ano ang limitasyon ng isang *driver's license*? Ihalintulad ito sa kalayaang mayroon na tayo bilang mga Cristiano.

*Tulay sa Pag-aaral:* Tulad ng isang lisensiya, ang kalayaang bigay sa atin ng Diyos ay kalayaang tahakin ang landas na nais ng Diyos para sa atin. Hindi ito nangangahulugang maaari na nating gawin ang lahat ng ating gustong gawin. Malinaw itong makikita sa mga talatang pag-aaralan natin ngayon. Basahin ang Galacia 5:13-15.

**PAGSASALIKSIK**

2. Basahin ang verse 13. Ikumpara ito sa verse 1 at sa Juan 8:36. Ano ang nais bigyang diin sa mga talatang ito? Ano sa tingin mo ang problema ng mga taga-Galacia na nais tugunan ni Pablo sa pamamagitan nito?
3. Ano ang kahalagahan na malamang ang kalayaang nasa atin ngayon bilang mga Cristiano ay galing sa Diyos at hindi dahil sa anumang ginawa natin?
4. Sa paanong paraan inaabuso ng mga Cristiano ang kalayaang ito (v. 13)? Bakit hindi ito ang tamang paraan ng paggamit ng kalayaang mayroon tayo?

4. Ano ang dapat na saloobin natin sa mga sinasabi ni Pablo sa kanyang mga sulat na nasa Bibliya? Basahin ang 1 Tesalonica 2:13. Anu-anong ugali natin ang nagpapakita na hindi natin itinuturing na "salita ng Diyos" ang salita ni Pablo?
5. Basahin ang verse 3. Ano ang nais ni Pablo na maranasan ng mga taga-Galacia? Ano ang kahalagahang banggitin ni Pablo na ang biyaya at kapayapaan ay hindi lamang mula sa Diyos Ama kundi sa Panginoong Jesus din?
6. Basahin ang verse 4. Paano ipinakilala si Cristo dito? Ano ang kahalagahan ng kanyang ginawa sa krus? Ano ang kaugnayan nito sa panalangin (pagbati) ni Pablo sa verse 3?
7. Basahin ang verse 5. Sa pagbati pa lamang sa sulat ni Pablo, hindi na niya mapigilang magpuri sa Diyos! Bakit sa tingin mo ganito ang kanyang damdamin matapos niyang banggitin ang buod ng ebanghelyo o Mabuting Balita (*gospel*) sa verse 4? Ano ang ipinapakita nitong pangunahing layunin kung bakit namatay si Cristo?
8. Bakit napakahalaga na tama ang pagkakaunawa natin sa ebanghelyo? Ano ang kahalagahan nito para sa atin at para sa Diyos?

**PAGSASABUHAY**

9. Nakatulong ba ang pag-aaral na ito upang magkaroon ka ng kasabikang pag-aralang mabuti ang sulat ni Pablo sa mga taga-Galacia? Sa paanong paraan?
10. Ano ang gagawin mo upang mabigyan ng kahalagahan ang mensahe ng ebanghelyo sa iyong pang-araw-araw na buhay?

LESSON 2  
**ONLY ONE GOSPEL**

**GALACIA 1:6-9**

<sup>6</sup>Ako'y namamangha na napakabilis ninyong iniwan siya na tumawag sa inyo sa biyaya ni Cristo at bumaling kayo sa ibang ebanghelyo.

<sup>7</sup>Hindi sa may ibang ebanghelyo, kundi mayroong ilan na nanggugulo sa inyo at nagnanais na baluktutin ang ebanghelyo ni Cristo. <sup>8</sup>Subalit kahit kami, o isang anghel mula sa langit ang mangaral sa inyo ng ebanghelyo na iba sa aming ipinangaral sa inyo, ay hayaan siyang sumpain! <sup>9</sup>Gaya ng aming sinabi noong una, at muli kong sinasabi ngayon, kung ang sinuman ay mangaral sa inyo ng ebanghelyo na iba kaysa inyong tinanggap na ay hayaan siyang sumpain!

**PANIMULA**

1. Magbahagi ng isang hindi kapani-paniwalang pangyayari na nabalitaan mo? Bakit hindi ito kapani-paniwala?

*Tulay sa Pag-aaral:* Pagkatapos ng pagbati at pagpapakilala sa verses 1-5, sinimulan ni Pablo ang kanyang sulat sa pamamagitan ng pagsasabi ng kanyang "pagtataka" sa nangyayari sa kanila. Parang hindi ito kapani-paniwala dahil kung magpapatuloy sila sa ginagawa nila, kapahamakan ang naghihintay sa kanila. Sa verses 6-9, nagbigay siya ng babala sa sinumang maniniwala o mangangaral ng "ibang ebanghelyo." Basahin ang Galacia 1:6-9.

**PAGSASALIKSIK**

2. Ano ang nabalitaan ni Pablóng nangyayari sa mga iglesia sa Galacia? Bakit sa tingin ninyo ito ay nakapagtataka para sa kanya?
3. Patingnan sa mga kasama sa grupo ang ilan sa mga simula ng sulat ni Pablo (halimbawa - Roma, 1 Corinto, Filipos). Ano ang mapapansin ninyong pagkakaiba ng simula ng Galacia? Bakit sa tingin ninyo walang "pasasalamat" na isinulat si Pablo?

**PAGSASALIKSIK**

2. Basahin ang verse 1. Ano ang layunin ng ginawa ni Cristo sa krus para sa atin? Bilang tugon dito, ano ang nais niyang gawin natin? Ano ang hindi niya nais na gawin natin?
3. Sa kalagayan ng mga taga-Galacia, ano ang ibig sabihin sa kanila ng "magpakatatag" at hindi na bumalik sa pagkaalipin? Sa panahon natin ngayon, ano ang ibig sabihin nito?
4. Basahin ang verses 2-4. Ano ang babala ni Pablo dito? Bakit sa tingin mo pursigido si Pablóng ituro ito sa kanila?
5. Basahin ang verses 5-6. Ano ang tunay na pananampalataya? Bakit ito kaiba sa nais gawin ng mga taga-Galacia ayon sa impluwensiya ng mga Judaizers?
6. Sa paanong paraan nahuhulog tayo sa katulad na pagkakamali ng mga taga-Galacia? Paano natin maiiwasan ito?
7. Basahin ang verses 7-10. Ano sa tingin mo ang nais ipahiwatig ni Pablo na dapat gawin ng mga taga-Galacia sa mga gurong mali ang itinuturo sa kanila? Bakit ito ang dapat nilang gawin?
8. Basahin ang verses 11-12. Ano ang makikita nating katangian ni Pablo bilang isang apostol sa kanyang ministeryo sa mga taga-Galacia? Paano niya ipinakita ang kanyang pag-ibig sa kanila?
9. Anu-anong bagay ang napapakinggan natin sa iba na nagiging dahilan ng pagkalayo natin sa tunay na ebanghelyo? Ano ang nagiging epekto nito sa iyo?

**PAGSASABUHAY**

10. Ano'ng isang bagay ang ngayon ay nakapagpapahina ng iyong pananampalataya na maaaring maging dahilan ng hindi mo pagiging matatag? Ano ang gagawin mo upang manatiling nakatayo sa kalayaang tinanggap natin?

## FOR FREEDOM CHRIST HAS SET US FREE

### GALACIA 5:1-12

*Para sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo; kaya't magpakatatag kayo at huwag pasakop na muli sa pamatok ng pagka-alipin. <sup>2</sup>Makinig kayo! Akong si Pablo ay nagsasabi sa inyo na kung kayo'y patutuli, si Cristo ay hindi magiging pakinabang sa inyo. <sup>3</sup>At muli kong pinatotohanan sa bawat taong nagpatuli na siya'y may pananagutang tumupad sa buong kautusan. <sup>4</sup>Kayo'y hiwalay kay Cristo, kayong mga nagnanais ariing-ganap sa pamamagitan ng kautusan; nahulog kayo mula sa biyaya. <sup>5</sup>Sapagkat sa pamamagitan ng Espiritu, sa pananampalataya ay naghihintay tayo sa pag-asa ng katuwiran. <sup>6</sup>Sapagkat kay Cristo Jesus, ang pagtutuli o di-pagtutuli ay walang kabuluhan, kundi ang pananampalataya na gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig. <sup>7</sup>Kayo ay tumatakbo noon ng mabuti, sino ang humadlang sa inyo sa pagsunod sa katotohanan? <sup>8</sup>Ang paghikayat na iyon ay hindi nagmula sa tumatawag sa inyo. <sup>9</sup>Ang kaunting lebadura ay nagpapaalsa sa buong masa. <sup>10</sup>Ako'y nagtitiwala sa Panginoon, na hindi kayo mag-iisip ng iba pa. Subalit sinuman siyang nanggugulo sa inyo ay tatanggap ng parusa. <sup>11</sup>Ngunit ako, mga kapatid, kung ipinangangaral ko pa ang pagtutuli, bakit pa ako inuusig? Kung gayon, ang katitisan ng krus ay inalis na. <sup>12</sup>Ibig ko sana na ang mga nanggugulo sa inyo ay kapunin nila ang kanilang sarili.*

### PANIMULA

1. Ano ang isang bagay na gusto mong bilhin ngunit hindi mo mabili? Anu -ano ang humahadlang sa iyo?

*Tulay sa Pag-aaral:* Tayo'y mga Cristiano na. Hindi na tayo tulad ng maraming tao sa sanlibutan. Akala nila malaya sila. Ngunit alam nating tayo ang may tunay na kalayaan. Hindi na tayo tulad ng mga taong may gustong bilhin na kailangan nila ngunit hindi mabili dahil baon sa utang at hindi pa nga makabayad. Mayroon na tayong kakayahang bilhin ang kailangan natin kasi bayad na ang utang natin sa Diyos. Bukod doon, binigyan pa tayong pambili. At ang mga bagay na bibilhin natin ay hindi mga bagay na makasasama sa atin. Ito 'yung mga bagay na hindi natin pagsisisihan. Ito ang tunay na kalayaan. Makikita natin sa Galatians 5:1-12 na **tayong mga Cristiano ay mayroon nang tunay na kalayaan at dapat na mamuhay araw-araw ayon sa kalayaang mayroon na tayo dahil sa ginawa ni Cristo sa krus para sa atin.**

4. Sila ay lumalayo sa "ebanghelyo." Ano ang "ebanghelyo"? Ayon sa verses 6-7, ilan ang tunay na ebanghelyo? Batay dito, gaano kaseryoso ang problema ng mga taga-Galacia?
5. Ayon sa verse 6, ano ang kahulugan ng pagbaling sa ibang ebanghelyo? Sa tingin mo, maaari kayang ang isang taong nag-aakalang papalapit siya sa Diyos ay sa katotohanan ay palayo pala? Magbigay ng halimbawa.
6. Basahin ang verse 7. Ano ang ginagawa ng ilang mga guro sa mga iglesia sa Galacia? Sa mensahe ng ebanghelyo ni Pablo? Kung ikaw si Pablo at mabalitaan mong may mga ganitong tao roon, ano ang mararamdaman mo at bakit?
7. Basahin ang verses 8-9. Ano ang naghihintay na parusa sa sinumang mangangaral ng ibang ebanghelyo? Tingnan din ang Jude 4 at 2 Peter 2:1-3. Bakit sa tingin ninyo napakabigat ng pananalita dito ni Pablo?
8. Ano ang mensaheng ipinarating ni Pablo sa mga taga-Galacia dito sa verses 6-9? Kung titingnan natin ang sitwasyon natin ngayon, sa paanong paraan may sinasabi din ang Diyos sa atin sa pamamagitan ni Pablo?

### PAGSASABUHAY

9. Ano ang gagawin mo upang mabantayan mo rin ang sarili mo laban sa mga maling aral tungkol sa kaligtasan?
10. Mayroon ka bang kakilala na naniniwala sa maling katuruan tungkol sa kaligtasan? Paano mo siya mutulongang maunawaan ang "ebanghelyo"?

LESSON 3  
**SLAVE OF CHRIST**

**GALACIA 1:10-12**

*Ako ba'y naghahangad ngayon ng pagsang-ayon ng mga tao o ng Diyos? O sinisikap ko bang bigyang-lugod ang mga tao? Kung ako'y nagbibigay-lugod pa rin sa mga tao, hindi sana ako naging alipin ni Cristo. <sup>11</sup>Sapagkat nais kong malaman ninyo, mga kapatid, na ang ebanghelyo na aking ipinangaral ay hindi ayon sa tao. <sup>12</sup>Sapagkat hindi ko ito tinanggap mula sa tao, o itinuro man sa akin, kundi sa pamamagitan ng pahayag ni Jesu-Cristo.*

**PANIMULA**

1. Ano ang isa sa pinakamabigat na desisyon na nagawa mo? Bakit ito naging mabigat? Sa tingin mo pagkatapos, tama kaya ang naging desisyon mo? Bakit?

*Tulay sa Pag-aaral:* Mabigat ang mga salitang binitawan ni Pablo sa verses 8-9. Mabigat na sabihin niya ang sumpa para sa mga nagtuturo ng maling ebanghelyo. Gayunpaman, ginawa pa rin ito ni Pablo, at alam niyang tama ang kanyang ginawa, dahil alam niya kung sino siya at kanino siya. Siya ay alipin ni Cristo! Anumang mabigat na desisyon, gagawin niya dahil alam niyang ito ang tama, ito ang gusto ni Cristo, ito ang makalulugod sa Diyos, at ito ang para sa ikabubuti ng mga mananampalataya. Sa pag-aaral na ito, aalamin natin kung ano ang kahulugan ng pagiging "alipin" ni Cristo at anu-ano ang implikasyon nito sa ating pang-araw-araw na buhay.

**PAGSASALIKSIK**

2. Ayon sa verse 10, ano ang dahilan kung bakit nasabi ni Pablo ang mga mabibigat na salita sa verses 8-9? Paano niya ipinakilala ang sarili niya? Ano ang mas mahalaga sa kanya?

**PAGSASALIKSIK**

3. Basahin ang verse 21. Isalarawan ang kalagayan ng mga taga-Galacia. Sa paanong paraan nagiging katulad tayo ngayon ng mga taga-Galacia?
4. Basahin ang verses 22-23. Bakit sa tingin mo binalikan ni Pablo ang tungkol sa mga anak ni Abraham? Pag-usapan ang malaking pagkakaiba nina Sarah at Hagar; nina Isaac at Ismael (hindi binanggiti ang pangalan).
5. Sa paanong paraan tayo nagiging katulad ng kapanganakan ni Isaac ("ayon sa pangako")? Sa paanong paraan tayo nagiging katulad ng kapanganakan ni Ismael ("ayon sa laman" o "karaniwang paraan")?
6. Basahin ang verses 24-27. Isa-isahin ang mga paghahambing na ginawa ni Pablo kay Sarah at Hagar. Ano sa tingin mo ang magiging reaksiyon ng mga "Judaizers" sa sinasabing ito ni Pablo?
7. Basahin ang verses 28 at 31. Paano pinagkumpara ni Pablo ang mga taga-Galacia sa mga Judaizers? Ano ang mensaheng nais ipahatid ni Pablo dito?
8. Basahin ang verse 29 at 30. Isalarawan ang naging relasyon ni Sarah kay Hagar; ni Ismael kay Isaac. Ano ang dapat nating asahan na reaksiyon ng mga hindi tunay na Cristiano sa mga tunay na Cristiano? Ano ang dapat nating maging tugon sa anumang impluwensiya na makapaglalayo sa atin sa biyaya ng Diyos?

**PAGSASABUHAY**

9. May bahagi ba ng buhay mo ngayon ang ipinamumuhay mo nang hindi sang-ayon sa iyong kalagayan bilang tunay na anak ng Diyos? Ano ang itatalaga mo sa Panginoon na gawing pagbabago ayon sa napag-aralan natin ngayon?
10. Anong bagay sa buhay mo ang nakapaglalayo sa iyo sa pagtitiwala sa pangako ng Diyos at sa pananalig kay Cristo? Paano mo tutugunan ang ganoong pangyayari ayon sa napag-aralan natin ngayon?

LESSON 15  
**CHILDREN OF PROMISE**

**GALACIA 4:21-31**

*Sabihin ninyo sa akin, kayong nagnanais mapasailalim ng kautusan, hindi ba ninyo naririnig ang kautusan? <sup>22</sup>Sapagkat nasusulat na si Abraham ay nagkaroon ng dalawang anak, isa mula sa aliping babae, at ang isa ay sa babaing malaya. <sup>23</sup>Subalit ang mula sa alipin ay ipinanganak ayon sa laman, at ang mula sa babaing malaya ay sa pamamagitan ng pangako. <sup>24</sup>Ang mga bagay na ito ay isang paghahambing, sapagkat ang mga babaing ito'y dalawang tipan. Ang isa ay si Hagar na mula sa bundok ng Sinai na nanganganak para sa pagkaalipin. <sup>25</sup>Ngayon, si Hagar ay bundok ng Sinai sa Arabia at katumbas ng kasalukuyang Jerusalem, sapagkat siya'y nasa pagkaalipin kasama ng kanyang mga anak. <sup>26</sup>Ngunit ang Jerusalem na nasa itaas ay malaya, na siyang ating ina. <sup>27</sup>Sapagkat nasusulat, "Magalak ka, ikaw na baog, ikaw na hindi nanganganak; bigla kang umawit at sumigaw, ikaw na hindi nakakaranas ng sakit sa panganganak; sapagkat mas marami pa ang mga anak ng pinabayaan kaysa mga anak ng may asawa." <sup>28</sup>At kayo, mga kapatid, tulad ni Isaac, ay mga anak ng pangako. <sup>29</sup>Subalit kung paanong inusig noon ng ipinanganak ayon sa laman ang ipinanganak ayon sa Espiritu, gayundin naman ngayon. <sup>30</sup>Subalit ano ang sinasabi ng kasulatan? "Palayasin ang aliping babae at ang kanyang anak, sapagkat hindi magmamana ang anak ng babaing alipin na kasama ng anak ng babaing malaya." <sup>31</sup>Kaya, mga kapatid, hindi tayo mga anak ng babaing alipin, kundi ng babaing malaya.*

**PANIMULA**

1. Basahin ang Galacia 4:21-31. Sa unang basa, sa tingin mo ba'y madaling intindihin ang sinasabi dito ni Pablo? Bakit?
2. Ano ang karaniwang reaksiyon o tugon natin kapag mahirap intindihin ang nabasang talata sa Bibliya? Ayon sa 2 Timoteo 3:16-17, bakit natin kailangang pag-aralan kahit na ang mga talatang katulad ng Galacia 4:21-31?

*Tulay sa Pag-aaral:* Mahirap intindihin ang argumento ni Pablo sa mga talatang ito dahil sinulat ito bilang tugon sa nangyayari sa mga iglesia sa Galacia halos 2,000 taon na ang nakararaan. Gayunpaman, dapat natin itong pag-aralan upang malaman natin kung ano ang nais sabihin ng Diyos para sa atin. Hindi man natin maipaliwanag ang bawat detalye ng talatang ito, ang pangunahing puntos ni Pablo ay mauunawaan natin:  
**Tayo ay hindi na dapat magpaalipin sa kautusan dahil tayo'y mga anak na malaya ayon sa pangako ng Diyos kay Cristo.**

3. Ang "alipin" (*slave*, hindi lang *servant* gaya ng ilang mga salin sa English) ay galing sa salitang *doulos*, pinakamababang uri ng alipin na walang sariling kalayaan, at siyang pagmamay-ari ng panginoon. Kung ganito ang paglalarawan kay Pablo (at sa lahat ng Cristiano, Eph. 6:5-6; 1 Cor. 7:22-23; 1 Pet. 2:16), ano ang sinasabi nito ukol sa relasyon natin kay Cristo?
4. Anu-ano ang pagkakaiba ng "lingkod" (*servant*) sa "alipin" (*slave*)? Ano ang implikasyon nito sa ating buhay Cristiano kung iisipin nating tayo ay hindi lamang "lingkod" kundi "alipin" ni Cristo?
5. Ayon sa verses 11-12, ano ang dahilan kung bakit buong katapatan at katapangan na ipinangaral ni Pablo ang ebanghelyo kahit marami pa siyang makaaway?
6. Kung si Pablo ay alipin ni Cristo, ano sa tingin mo ang mangyayari kung iibahin niya ang mensaheng tinanggap niya sa Panginoon na kanyang ipangaral? Anu-ano ang nakasalalay dito?
7. Sa anu-anong bahagi ng buhay natin hindi tayo nagiging tapat sa ebanghelyong tinanggap natin?

**PAGSASABUHAY**

8. Bilang mga alipin ni Cristo, anong bahagi ng iyong buhay ang nakikita mong hindi ka nagpapasakop nang lubos sa kanyang kalooban? Maglaan ng ilang sandali upang humingi ng tawad sa Diyos.
9. Ano ang gagawin mo sa susunod na mga araw upang matiyak na sa mga pang-araw-araw na desisyon na gagawin mo (malaki man o maliit) makita na ikaw ay tunay na alipin ni Cristo – nagpapasakop sa kanyang kalooban at kanyang mga salita?

LESSON 4  
**TRANSFORMING GRACE**

**GALACIA 1:13-24**

*Sapagkat inyong narinig ang uri ng aking dating pamumuhay sa Judaismo, kung paanong marahas kong inusig ang iglesia ng Diyos at sinikap na wasakin ito. <sup>14</sup>At ako'y nanguna sa Judaismo nang higit kaysa marami sa mga kasing-gulang ko sa aking mga kababayan, higit na masigasig ako sa mga tradisyon ng aking mga ninuno. <sup>15</sup>Ngunit nang malugod ang Diyos na sa akin ay nagbukod, buhat pa sa sinapupunan ng aking ina, at sa akin ay tumawag sa pamamagitan ng kanyang biyaya, <sup>16</sup>na ipahayag ang kanyang Anak sa akin, upang siya'y aking ipangaral sa mga Hentil; hindi ako sumangguni sa sinumang laman at dugo; <sup>17</sup>o nagtungo man ako sa Jerusalem sa mga apostol na una sa akin, kundi nagtungo ako sa Arabia at muli akong nagbalik sa Damasco. <sup>18</sup>Nang makaraan ang tatlong taon, nagtungo ako sa Jerusalem upang dalawin si Cefas, at namalaging kasama niya ng labinlimang araw. <sup>19</sup>Ngunit wala akong nakita sa mga ibang apostol, maliban kay Santiago na kapatid ng Panginoon. <sup>20</sup>Tungkol sa mga bagay na isinusulat ko sa inyo, sa harapan ng Diyos, hindi ako nagsisinungaling. <sup>21</sup>Pagkatapos ay nagtungo ako sa mga lupain ng Siria at Cilicia. <sup>22</sup>Ngunit hindi pa ako mukhaang nakikilala sa mga iglesia ng Judea na kay Cristo. <sup>23</sup>Narinig lamang nila na sinasabi, "Siya na dating umuusig sa atin ngayo'y ipinangangaral niya ang pananampalataya na dati'y sinikap niyang wasakin." <sup>24</sup>At kanilang niluwalhati ang Diyos dahil sa akin.*

**PANIMULA**

1. May kakilala ka bang isang tao na malaki ang pinagbago dahil nakilala si Cristo, na dati ay hindi mo aakalaing magbabago dahil sa kanyang kasamaan? Kung wala naman, ano ang mararamdaman mo kapag ang isang mamamatay tao (halimbawa ay ang pumatay ng 57 katao sa Maguindanao) ay maging Cristiano at hindi lang iyon kundi naging pastor o misyonero din?

*Tulay sa Pag-aaral:* Hindi man kapani-paniwala sa tao, ngunit ito ay posible dahil sa laki ng habag at kapangyarihan ng Diyos na bumago sa puso ng isang tao. Ganito ang nangyari kay Pablo. Ganito rin ang nangyari sa atin simula nang makilala natin si Cristo. Ang malaking pagbabago sa buhay ni Pablo, na imposible sa gawa ng sarili o ng ibang tao, ang patunay na ang mabuting balita ni Cristo ay totoo. *Only the gospel of grace (not of works) has the power to bring about real transformation.* Makikita ito sa Galacia 1:13-24.

**PAGSASALIKSIK**

2. Basahin ang Galacia 4:8-20. Ilagay mo ang katayuan mo sa mga Cristiano sa Galacia. Ano'ng mararamdaman mo sa sulat na ito ni Pablo? Bakit?
3. Basahin ang verses 8-11. Ano dati ang kalagayan ng mga taga-Galacia? Ano na ang kalagayan nila ngayon? Sa kabila ng biyayang naranasan nila, ano ang ginagawa nilang pagkakamali?
4. Ano ang ikinatatakot ni Pablo para sa mga taga-Galacia? Bakit ganito ang nararamdaman niya?
5. Basahin ang verses 12-16. Ano ang nais ni Pablo na gawin ng mga taga-Galacia? Ano ang kinalaman nito sa pagbabalik-tanaw niya sa maganda nilang relasyon dati?
6. Ano ang mas mahalaga kay Pablo – ang pagsasabi ng katotohanan o ang sasabihin sa kanya ng ibang tao? Ano ang itinuturo nito sa atin?
7. Basahin ang verses 17-20. Ikumpara ang layunin ng “panunuyo” ng mga Judaizers sa mga taga-Galacia sa nais ni Pablo para sa kanila. Ano ang pagkakaiba?
8. Paano natin makikita ang pagtitiyaga ni Pablo para sa mga taga-Galacia? Ano ang itinuturo nito sa atin sa pag-abot sa mga kapatid natin kay Cristo?

**PAGSASABUHAY**

9. Sa anong bahagi ng buhay mo nalalayo ka sa pagtitiwala sa Diyos at mas nagtitiwala sa sariling gawa? Paano makakatulong ang araling ito upang baguhin iyon?
10. Sinong kapatid sa pananampalataya ang nakikita mong parang nalalayo sa ganap na pagtitiwala kay Cristo? Ano ang gagawin mo sa mga susunod na araw upang maipadama sa kanya ang “*pastoral love*” katulad ni Pablo sa mga taga-Galacia?

## A PASTOR'S LOVE LETTER

### GALACIA 4:8-20

*Subalit noong una, nang hindi pa ninyo kilala ang Diyos, kayo'y naging mga alipin ng mga hindi likas na diyos. <sup>9</sup>Subalit ngayong nakikilala na ninyo ang Diyos, o sa halip ay kinikilala na kayo ng Diyos, bakit muli kayong nagbabalik sa mahihina at hamak na mga panimulang aral, na sa mga iyon ay nais ninyong muling maging mga alipin? <sup>10</sup>Nangingilin kayo ng mga araw, mga buwan, mga panahon, at mga taon. <sup>11</sup>Ako'y natatakot na nagpagal ako sa inyo nang walang kabuluhan. <sup>12</sup>Mga kapatid, nakikiusap ako sa inyo, kayo'y maging kagaya ko, sapagkat ako'y naging katulad din ninyo. Wala kayong ginawang masama sa akin. <sup>13</sup>Nalalaman ninyo na dahil sa karamdaman ng katawan ay una kong ipinangaral sa inyo ang ebanghelyo. <sup>14</sup>Bagaman ang aking kalagayan ay naging isang pagsubok sa inyo, hindi ninyo ako hinamak o kinasuklaman kundi tinanggap na gaya sa isang anghel ng Diyos, gaya ni Cristo Jesus. <sup>15</sup>Nasaan na ngayon ang inyong kagandahang-loob? Sapagkat ako'y nagpapatotoo sa inyo, na kung maaari sana ay dinukit na ninyo ang inyong mga mata at ibinigay sa akin. <sup>16</sup>Ako ba ngayo'y naging kaaway ninyo sa pagsasabi ko sa inyo ng katotohanan? <sup>17</sup>Sila'y masigasig sa inyo, subalit hindi para sa mabuting layunin; nais nilang ihiwalay kayo, upang kayo'y maging masigasig sa kanila. <sup>18</sup>Subalit mabuti ang maging laging masigasig sa mabuting bagay at hindi lamang kapag ako'y kaharap ninyo. <sup>19</sup>Minamahal kong mga anak, na para sa inyo ay muli akong nakakaranas ng hirap ng panganganak hanggang si Cristo ay mabuo sa inyo. <sup>20</sup>Nais kong makaharap kayo ngayon at baguhin ang aking tono, sapagkat ako'y nag-aalinlangan tungkol sa inyo.*

### PANIMULA

1. Ano'ng naramdaman mo nang nakatanggap ka ng isang "love letter" galing sa asawa o boyfriend/girlfriend mo? Ano ang kaibahan nito kung nakatanggap ka ng isang "disconnection notice" mula sa Meralco?

*Tulay sa Pag-aaral:* Ang pagtanggap natin sa sulat ni Pablo sa mga taga-Galacia ay nakabatay sa tamang pagkakaunawa natin kung para saan ang sulat na ito. Maaari ngang masakit at mabigat ang mga pananalitang ginamit dito ni Pablo (tulad ng 1:6 at 3:1), ngunit ito ay maituturing na isang "love letter" dahil layunin ni Pablo na hindi sila malayo sa biyaya ng Diyos. Parang nililigawan niya ulit ang mga taga-Galacia dahil may mga nanunuyo sa kanila na kung susunod sila ay ikapapahamak nila. Dahil ang sulat na ito ay sulat din sa atin ng Diyos, pakinggan natin ang sinasabi ng Diyos dito at tingnan natin ito bilang isang "love letter."

### PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verses 13-14. Isalarawan ang dating buhay ni Pablo. Ano ang nais ni Pablong iparating sa mga taga-Galacia kaya't binanggit niya ang dati niyang sobrang "relihiyosong" pamumuhay?
3. Paanong ang dating niyang pamumuhay na iniwan niya ay nagpapatunay na ang mensaheng ipinangaral niya ay galing sa Diyos tulad ng sinabi niya sa verses 11-12?
4. Hilingan ang bawat isa na isalarawan ang dati nilang pamumuhay nang sila ay hiwalay pa kay Cristo.
5. Basahin ang verses 15-16. Ano ang ginawa ng Diyos para kay Pablo? Sa tingin mo, karapat-dapat ba si Pablong tawagin ng Diyos upang maging isang tagasunod ni Cristo at apostol? Bakit o bakit hindi?
6. Ayon sa Efeso 1:4 at 2 Corinto 4:6, sino ang gumawa ng unang hakbang upang tayo ay maging mga mananampalataya? Tayo o ang Diyos? Ano ang ilan sa mga implikasyon nito sa pagtingin natin sa kaligtasang mayroon tayo?
7. Hilingan ang bawat isa na ibahagi kung ano ang ginawa ng Diyos sa buhay nila upang makilala nila si Cristo.
8. Basahin ang verses 17-24. Ano ang naging reaksiyon ng mga tao sa nabalitaan nilang nangyari kay Pablo? Bakit sa tingin mo ganito ang naging reaksiyon nila?
9. Sa paanong paraan ang mga tao ay magpupuri sa Diyos kung makikita nila ang malaking pagbabagong ginawa ng Diyos sa buhay natin?

### PAGSASABUHAY

10. Paano mo nararanasan ang kapangyarihan ng ebanghelyo sa araw-araw na buhay? Anong isang bahagi ng iyong puso ang nais mong hilingin ngayon sa Diyos na kanyang baguhin? Ano ang dapat mo ring gawin upang magkaroon ng pagbabago dito?

LESSON 5  
**TOGETHER FOR THE GOSPEL**

**GALACIA 2:1-10**

*Pagkalipas ng labing-apat na taon, muli akong nagtungo sa Jerusalem kasama si Bernabe, at isinama ko rin si Tito. <sup>2</sup>Ngunit ako'y nagtungo dahil sa isang pahayag, at isinaysay ko sa harapan nila ang ebanghelyo na aking ipinangangaral sa mga Hentil (subalit palihim sa harapan ng mga kinikilalang pinuno), baka sa anumang paraan ako'y tumatakbo, o tumakbo nang walang kabuluhan. <sup>3</sup>Subalit maging si Tito na kasama ko ay hindi pinilit na patuli, bagama't isang Griyego. <sup>4</sup>Subalit dahil sa mga huwad na kapatid na lihim na ipinasok, na pumasok upang tiktikan ang kalayaan na taglay namin kay Cristo Jesus, upang kami'y alipinin---<sup>5</sup>sa kanila ay hindi kami sumuko upang magpasakop, kahit isang saglit, upang ang katotohanan ng ebanghelyo ay manatili sa inyo. <sup>6</sup>Subalit mula sa mga wari'y mga kinikilalang pinuno---maging anuman sila, ay walang anuman sa akin: ang Diyos ay hindi nagpapakita ng pagtatangi---ang mga pinunong iyon ay hindi nagdagdag ng anuman sa akin. <sup>7</sup>Kundi nang makita nila na sa akin ay ipinagkatiwala ang ebanghelyo para sa mga hindi tuli, kung paanong ipinagkatiwala kay Pedro ang ebanghelyo sa mga tuli, <sup>8</sup>sapagkat ang gumawa sa pamamagitan ni Pedro sa pagka-apostol sa mga tuli ay siya ring gumawa sa akin sa pagka-apostol sa mga Hentil; <sup>9</sup>at nang malaman nila ang biyayang sa akin ay ipinagkaloob, ang mga kanang kamay ng pakikisama ay ibinigay sa akin at kay Bernabe nina Santiago, Cefasa at Juan, sila na itinuturing na mga haligi, upang kami ay pumunta sa mga Hentil, at sila'y para sa mga tuli. <sup>10</sup>Ang kanila lamang hiniling ay aming alalahanin ang mga dukha, na siya namang aking pinananabikang gawin.*

**PANIMULA**

1. Magbigay ng ilang mga dahilan kung bakit tayo dumadalo sa lingguhang pananambahan o kaya naman ay sa isang Bible study.

*Tulay sa Pag-aaral: Maraming iba't ibang dahilan kung bakit ang mga tao ay dumadalo at sumasama sa ibang mga mananampalataya. Ang iba dito ay makasariling dahilan at ang iba naman ay nakalulugod sa Diyos. Ngunit dalangin natin na makita natin sa pamamagitan ng sulat ni Pablo sa Galacia 2:1-10 na ang isa sa pinakasentro at pinakamahalagang dahilan kung bakit tayo nagsasama-sama at nagkakaisa ay dahil sa ebanghelyo ni Cristo – dahil siya'y namatay para sa ating mga kasalanan at ito ang mensaheng ipapangaral natin sa mga tao. *We must stand together for the gospel. The gospel is the glue that binds us together.**

**PAGSASALIKSIK**

2. Basahin ang Galacia 3:25-29. Ayon sa verses 25-26, sino lamang ang maituturing na mga anak ng Diyos? Ano ang implikasyon nito sa pagtingin natin sa ating mga sarili? Sa ibang tao na wala pa kay Cristo?
3. Ayon sa verse 28, kung tayo ay mga anak na ng Diyos, ano ang epekto nito sa relasyon natin sa ating mga kapatid kay Cristo?
4. Ayon sa verse 29, paano mo isasalarawan ang laki ng pribilehiyo na ibinigay sa iyo ng Diyos bilang isa sa kanyang mga anak? Saan nanggaling ang lahat ng ito ayon sa verse 27? Ano ang dapat na maging epekto nito sa saloobin natin at relasyon natin sa Diyos?
5. Basahin ang Galacia 4:1-7. Ayon sa verses 1-3, ano ang kalagayan mo bago mo nakilala si Cristo? Paano mo ito ihahalintulad sa kalagayan mo na ngayon?
6. Ayon sa verses 4-5, ano ang layunin ng Diyos bakit niya ipinadala si Cristo? Ano ang isinasalarawan ng salitang “tinubos” (mula saan tungo saan)? Kung tayo'y mga inampon ng Diyos at itinuring na parang kanyang anak, ano ang dapat na saloobin natin patungkol sa Diyos at sa relasyon natin sa kanya?
7. Ayon sa verses 6-7, anu-ano ang mga malalaking kaloob sa atin ng Diyos dahil tayo'y kanyang mga anak? Paano ito napapatunayan sa karanasan natin sa araw-araw?

**PAGSASABUHAY**

8. May mga panahon ba na nakikita mo ang iyong sarili na parang bumabalik sa dati mong kalagayan? Paano makakatulong sa iyo ang napag-aralan ngayon sa mga panahong iyon?
9. Ano ang kahalagahan ng pag-aaral na ito sa pakikitungo natin sa mga hindi anak ng Diyos?
10. Ano'ng gagawin mo sa darating na mga araw bilang tugon sa katotohanan na ikaw ay isa na sa mga anak ng Diyos?



LESSON 13  
**FROM SLAVERY TO SONSHIP**

**GALACIA 3:25-4:7**

*Subalit ngayong dumating na ang pananampalataya, tayo ay wala na sa ilalim ng tagasupil.* <sup>26</sup>*Sapagkat kay Cristo Jesus, kayong lahat ay mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya.* <sup>27</sup>*Sapagkat ang lahat na sa inyo na binautismuhan kay Cristo ay ibinihis si Cristo.* <sup>28</sup>*Walang Judio o Griyego, walang alipin o malaya, walang lalaki o babae, sapagkat kayong lahat ay iisa kay Cristo Jesus.* <sup>29</sup>*At kung kayo'y kay Cristo, kayo nga'y mga binhi ni Abraham, mga tagapagmana ayon sa pangako.* <sup>4:1</sup>*Ganito ang ibig kong sabihin: ang tagapagmana, habang bata pa ay hindi nakahihigit sa mga alipin bagama't siya ang may-ari ng lahat,* <sup>2</sup>*subalit siya ay nasa ilalim ng mga tagapangalaga at mga katiwala hanggang sa panahong itinakda ng ama.* <sup>3</sup>*Gayundin tayo, nang tayo'y mga bata pa, tayo'y naalipin sa mga panimulang aral ng sanlibutan.* <sup>4</sup>*Subalit nang dumating ang ganap na kapanahunan, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak, na ipinanganak ng isang babae, at ipinanganak sa ilalim ng kautusan,* <sup>5</sup>*upang tubusin ang mga nasa ilalim ng kautusan, upang matanggap natin ang pagkukop bilang mga anak.* <sup>6</sup>*At sapagkat kayo'y mga anak, isinugo ng Diyos ang Espiritu ng kanyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, "Abba, Ama!"* <sup>7</sup>*Kaya't hindi ka na alipin kundi anak; at kung anak, ay tagapagmana.*

**PANIMULA**

1. Bukod sa panahong ikaw ay naging Cristiano, ano pa ang isa sa pinakamalaking pagbabagong (mula sa di magandang katayuan tungo sa magandang katayuan) naranasan mo sa buhay? May mga panahon bang iniisip mong bumalik sa dati mong kalagayan? Bakit?

*Tulay sa Pag-aaral:* Kung naranasan na natin ang isang malaking pagbabago sa katayuan natin sa buhay mula sa isang hindi magandang katayuan tungo sa isang napakagandang katayuan, hindi natin iisipin na bumalik pa sa dati. **Dati tayo ay mga alipin dahil sa pagtiwala natin sa sarili natin ngunit ngayon ay mga anak na ng Diyos dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya natin kay Cristo.** Ito ang titingnan natin ngayon sa Galacia 3:25-4:7. Sa pag-aaral na ito, ikukumpara natin ang laki ng kaibahan ng kalagayan natin ngayon bilang mga anak ng Diyos sa kalagayan natin dati. Sa pamamagitan nito, malalaman din natin na isang kahibangan ang magnais o magtangka na bumalik pa sa dating kalagayan.

**PAGSASALIKSIK**

2. Basahin ang verses 1-2. Ano ang ginawa ni Pablo sa kanyang pagbabalik sa Jerusalem? Ano ang dahilan kung bakit pumunta si Pablo sa Jerusalem?
3. Bakit mawawalan ng kabuluhan ang pagpapagal ni Pablo kung hindi siya makikipag-usap sa mga apostol sa Jerusalem? Ano ang nakasalalay dito?
4. Ano ang makikita nating magandang halimbawa na ginawa ni Pablo nang nagkakaroon na ng kaguluhan sa mga iglesia dahil sa ginagawa ng mga taong nangangaral na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pagsunod ng kautusan? Ano ang dapat nating gawin kapag may nakikita tayong dahilan ng hindi pagkakaisa ng mga mananampalataya?
5. Basahin ang verses 3-5. Ano ang nais gawin ng mga nagpapanggap na mananampalataya? Bakit buo ang paninindigan ni Pablo (katulad din ng mga apostol sa Jerusalem) na hindi dapat patuli si Tito? Ano ang mangyayari kung hahayaan niyang tuliin si Tito?
6. Bakit ang ginawa ni Pablo ay mahalaga para sa mga taga-Galacia ("upang ang katotohanan ng ebanghelyo ay mapanatili para sa inyo")?
7. Anu-ano ang maaari nating gawin sa panahon ngayon, tulad ni Pablo, upang mapanatili ang "katotohanan" ng ebanghelyo?
8. Basahin ang verses 6-10. Ano ang reaksiyon ng mga apostol sa ministryo ni Pablo? Bakit nila tinanggap si Pablo at ang kanyang mensahe?
9. Ano ang ipinapakita nito tungkol sa pagkakaisa natin na ipangaral ang mabuting balita sa ibang tao? Anu-ano ang dapat nating gawin upang maipakita ang pagkakaisang ito?

**PAGSASABUHAY**

10. Ano ang sinasabi ngayon sa iyo ng Diyos na gawin mo upang ipakita ang pakikiisa mo para sa ebanghelyo, para patibayin ang pagkakaisa ng iglesia para sa misyong ipamuhay at ipangaral ang ebanghelyo?

## WALKING STRAIGHT IN THE GOSPEL

### GALACIA 2:11-14

*Ngunit nang dumating si Cefas sa Antioquia, sumalungat ako sa kanya nang mukhaan, sapagkat siya'y nahatulang nagkasala. <sup>12</sup>Bago dumating ang ilan mula kay Santiago, dati siyang nakikisalo sa mga Hentil. Ngunit nang sila'y dumating, siya'y umurong at humiwalay dahil natatakot sa pangkat ng pagtutuli. <sup>13</sup>At ang ibang mga Judio ay nakisama sa kanya sa ganitong pagkukunwari, kaya't maging si Bernabe ay natangay ng kanilang pagkukunwari. <sup>14</sup>Ngunit nang makita ko na hindi sila lumalakad nang matuwid sa katotohanan ng ebanghelyo, sinabi ko kay Cefas sa harapan nilang lahat, "Kung ikaw, na Judio, ay namumuhay gaya ng mga Hentil at di gaya ng mga Judio, bakit mo pinipilit ang mga Hentil na mamuhay na gaya ng mga Judio?"*

### PANIMULA

1. Banggitin ang isang pangyayari kung saan pinagsabihan mo ang isang kapatid kay Cristo o mahal sa buhay? Bakit mo ito ginawa? Ano ang nangyari pagkatapos?

*Tulay sa Pag-aaral:* Hindi madaling ituwid ang isang kapatid na nagkakasala o nalilihis ng landas. Ngunit kung ito ang kalooban ng Diyos ay dapat nating gawin, lalo pa kung ang katotohanan ng ebanghelyo ni Cristo ang nakasalalay dito. Ganito ang ginawa ni Pablo nang makita niyang si Pedro, si Bernabe at ang ilang mga Cristianong Judio ay gumawa nang salungat sa katotohanan ng biyaya ng Diyos. Ipinapakita sa Galacia 2:11-14 na ang isang Cristiano ay dapat na mamuhay nang naayon sa mensahe ng mabuting balita na ating pinaniniwalaan at ipinapangaral.

### PAGSASALIKSİK

2. Basahin ang Galacia 2:11-14. Ano ang laki ng kaibahan ng mga pangyayari dito sa mga naunang talata (ang v. 11 ay nagsisimula sa salitang "ngunit")? Ano sa nais iparating ni Pablo sa pamamagitan ng salaysay na ito sa mga maling paratang sa kanyang pagka-apostol?

### PAGSASALIKSİK

2. Basahin ang Galacia 3:19-24. Magbigay ng ilang mga dahilan kung bakit ang pangako ng Diyos ay nakakahigit sa kautusan bilang batayan ng ating kaligtasan? Ikumpara ang pangako sa kautusan. Maaari ding balikan ang mga naunang talata.
3. Kung nakakahigit ang pangako sa kautusan, ano ang nais ng Diyos na tugon natin sa mga pangako niya? Sa kautusan? Paanong sa buhay natin ay napagbabaligtad natin ang pangako at kautusan?
4. Basahin ang verses 19-20. Isang layunin ng kautusan ay "dahil sa paglabag." Maaaring kahulugan nito ay upang ipakita kung ano ang kasalanan at ipakita na tayo'y mga makasalanan tulad ng sa Roma 3:20. Paano ipinapakita ng kautusan ang ating mga kasalanan?
5. Ang kahulugan ng "dahil sa paglabag" ay higit pa sa pagpapakita sa atin kung ano ang kasalanan. Ayon sa Roma 5:20, ano ito? Bagamat mahirap intindihin, bakit ito ang nais na mangyari ng Diyos bagamat namumuhi siya sa kasalanan?
6. Basahin ang verses 21-22. Dahil sa kautusan, nakulong tayo sa ilalim ng kasalanan. Ano ang ipinapakita ditong kalagayan ng tao?
7. Paano dapat ang tingin natin sa sarili natin noong tayo ay hiwalay pa kay Cristo?
8. Basahin ang verses 23-24. Ang kautusan ang ginamit din ng Diyos upang ipakita na kailangan natin si Cristo. Paanong ang kautusan ay nagtulak sa atin na sumampalataya kay Cristo?

### PAGSASABUHAY

9. Paano nabago ngayon ang pananaw mo tungkol sa layunin ng kautusan ng Diyos na may kinalaman sa kaligtasan? Ano ang maaaring epekto nito sa pamumuhay natin o sa pagbabahagi natin ng ebanghelyo sa iba?
10. Anong iisipin at gagawin mo sa tuwing babasahin mo ang mga kautusan ng Diyos?

LESSON 12  
**THE LAW**

**GALACIA 3:19-24**

*Bakit pa mayroong kautusan? Ito ay idinagdag dahil sa mga paglabag, hanggang sa dumating ang binhi na siyang pinangakuan; at ito'y ibinigay sa pamamagitan ng mga anghel sa kamay ng isang tagapamagitan. <sup>20</sup>Ngayon, ang tagapamagitan ay nangangahulugan na may higit sa iisang panig; subalit ang Diyos ay iisa. <sup>21</sup>Kung gayon, ang kautusan ba ay salungat sa mga pangako ng Diyos? Huwag nawang mangyari. Sapagkat kung ibinigay ang isang kautusan na makapagbibigay-buhay, samakatuwid, ang katuwiran ay sa pamamagitan ng kautusan. <sup>22</sup>Subalit ibinilanggo ng kasulatan ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kasalanan, upang ang ipinangako sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo ay maibigay sa mga sumasampalataya. <sup>23</sup>Ngunit bago dumating ang pananampalataya, nabibilanggo tayo at binabantayan sa ilalim ng kautusan, hanggang sa ang pananampalataya ay ipahayag. <sup>24</sup>Kaya't ang kautusan ay naging ating tagasupil hanggang sa dumating si Cristo, upang tayo'y ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya.*

**PANIMULA**

1. Ano'ng mararamdaman mo at gagawin mo kapag may nagsabi sa iyo na ang isang bagay na ginagawa mo ay hindi naman mahalaga o may iba pang bagay na mas mahalaga na dapat mong bigyan ng pansin? Magbigay ng mga halimbawa.

*Tulay sa Pag-aaral:* May mga bagay na mas mahalaga kaysa sa iba. Ang natural na reaksiyon natin (ngunit hindi lahat) ay isantabi ang mga bagay na hindi gaanong mahalaga at pagtuunan ng pansin ang pinakamahalaga. Sa mga nauna nang talata ay ipinakita ni Pablo na higit na mahalaga ang pangako ng Diyos kaysa sa kautusan. Ang pagtitiwala sa pangako ng Diyos ay nagdudulot ng pagpapala. Ang pagsunod sa kautusan, dahil sa mga paglabag natin, ay nagdulot ng sumpa ng Diyos. Dito sa Galacia 3:19-24, sasagutin ni Pablo ang maaaring objection o protesta ng ilan na kung ganoon ang sinasabi ni Pablo, "Para saan pa ang kautusang ibinigay ng Diyos?" Bagamat higit na mahalaga ang pangako, maganda rin ang layunin ng Diyos para sa kautusan, ngunit hindi upang maging daan ng kaligtasan.

3. Basahin ang verse 12. Bago siya pagsabihan ni Pablo, ano ang nakaugalian nang ginagawa ni Pedro? Anong pangyayari sa buhay ni Pedro ang nagbunsod sa kanyang makisalo sa mga Hentil gayong mahigpit na ipinagbabawal ito ng tradisyong Judio (balikan ang mga pangyayari sa Acts 10:11-16, 28)?
4. Sinu-sino ang mga dumating sa Antioquia? Sila ba ay mga tunay na Cristiano? Ano ang pakay nila? Tingnan ang Gal. 2:4 at Acts 15:1.
5. Bakit sa tingin mo humiwalay si Pedro sa mga Hentil nang dumating ang mga taong ito? Ano'ng ipinapakitang mensahe ng ginawa ni Pedro?
6. Basahin ang verse 13. Ano ang naging resulta ng ginawa ni Pedro? Ano ang makikita natin dito sa kahalagahan ng isang magandang halimbawa mula sa lider?
7. Basahin ang verses 11 at 14. Ano'ng ginawa ni Pablo nang mangyari ang mga ito? Sa tingin mo ba ay naging masyadong padalus-dalos si Pablo sa pagsaway niya kay Pedro? Bakit o bakit hindi?
8. Sa anu-anong paraan tayong mga Cristiano ngayon ay nakikitang hindi lumalakad nang tuwid ayon sa katotohanan ng ebanghelyo?

**PAGSASABUHAY**

9. Sa ipinakitang magandang halimbawa ni Pablo at maling halimbawa sa ginawa ni Pedro, paano ngayon tayong mga Cristiano ay makatitiyak na tayo ay lumalakad nang naayon sa ebanghelyo ni Cristo?
10. Sa mga tinalakay na sagot sa No. 9, saan ka madalas na nagkukulang? Ano ang gagawin mo ngayon upang maipamuhay ito?

## JUSTIFICATION BY FAITH ALONE

### GALACIA 2:15-21

*Tayo mismo ay ipinanganak na mga Judio, at hindi mga Hentil na makasalan, <sup>16</sup>at nalalaman natin na ang tao ay hindi inaaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo, at tayo ay sumasampalataya kay Cristo Jesus, upang ariing-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at hindi sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, sapagkat sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay hindi aariing-ganap ang sinumang laman. <sup>17</sup>Ngunit kung sa ating pagsisikap na ariing-ganap kay Cristo, tayo mismo ay natagpuang mga makasalan, si Cristo ba ay lingkod ng kasalan? Huwag nawang mangyari! <sup>18</sup>Kung ang mga bagay na aking sinira ay aking muling itayo, pinatutunayan ko sa aking sarili na ako'y suwail. <sup>19</sup>Sapagkat ako sa pamamagitan ng kautusan ay namatay sa kautusan, upang ako'y mabuhay sa Diyos. <sup>20</sup>Ako'y ipinakong kasama ni Cristo at hindi na ako ang nabubuhay, kundi si Cristo ang nabubuhay sa akin, at ang buhay na ikinabubuhay ko ngayon sa laman ay ikinabubuhay ko sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na sa akin ay nagmahal, at nagbigay ng kanyang sarili dahil sa akin. <sup>21</sup>Hindi ko pinawawalang halaga ang biyaya ng Diyos, sapagkat kung ang pag-aaring-ganap ay sa pamamagitan ng kautusan, kung gayon, si Cristo ay namatay nang walang kabuluhan.*

### PANIMULA

1. Balikan ang ilan sa mga nakaraang pinag-aralan sa Galatians. Ano ang isang bagay na ngayon ay unti-unting itinuturo sa iyo ng Diyos sa pamamagitan nito?

*Tulay sa Pag-aaral:* Sa chapters 1-2 ng Galatians, naglaan si Pablo ng mahabang panahon para bigyang linaw ang kanyang pagiging apostol dahil dito nakasalalay ang awtoridad ng kanyang pangangaral, dito nakasalalay kung ito ba ang paniniwalaan ng mga taga-Galacia o iyong sa mga "Judaizers." Dito sa Gal. 2:15-21, simula na si Pablo na talakayin ang nasa "puso" ng ebanghelyo – ang ginawa ni Cristo sa krus at ang pagtugon natin dito upang tayo ay magkaroon ng kaligtasan.

### PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang verse 21. Ano ang sinasabi ni Pablong naging kaibahan niya sa mga Judaizers o kahit sa ginawa ni Pedro sa verses 11-14? Bakit nawawalan ng kabuluhan ang pagkamatay ni Cristo kung posible pala para sa tao na maligtas o maibilang na matuwid sa harapan ng Diyos sa

niya na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya?

4. Basahin ang verse 17. Ano ang maaaring argumento ng mga "Judaizers" tungkol sa kautusan ni Moises? Paano pinatunayan ni Pablo na hindi nawalan ng bisa ang pangako ng Diyos sa pagdating ng kautusan?
  5. Basahin ang Hebreo 6:17-18. Ano ang nais ng Diyos na maging resulta o tugon natin sa pagpapatibay ng kanyang ipinangako? Anu-anong pangyayari sa buhay ang mga nagiging dahilan kung bakit tayo minsan nawawalan ng tiwala sa ipinangako ng Diyos?
  6. Basahin ang verse 16. Paano tinupad ng Diyos ang kanyang pangako? Ano ang sinasabi ni Pablo sa mga Judio na nag-aakalang nang ibigay ng Diyos ang kautusan kay Moises ay tapos na ang pangako ng Diyos kay Abraham?
  7. Ano ang kahalagahan sa buhay natin na malaman nating ang katuparan ng mga pangako ng Diyos ay nakay Cristo?
  8. Basahin ang verse 18. Ano ang kaibahan kung ang "mana" na tatanggapin natin ay sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan sa halip na pagtanggap ng pangako ng Diyos? Ikumpara ang dalawa. Bakit ngayon nais ng Diyos na tanggapin natin ang pangako bilang regalong galing sa kanya sa halip na pagtrabahuhan ito? (Tingnan ang Roma 4:16 at 11:6).
- ### PAGSASABUHAY
9. Sa mga panahon na pinanghihinaan tayo, paanong ang hindi nagbabagong pangako ng Diyos ang nagiging sandigan natin?
  10. Ano sa tingin mo ang sinasabi sa iyo ng Diyos na gawin mo bilang tugon sa pag-aaral na ito?

## THE UNCHANGING PROMISE OF GOD

### GALACIA 3:15-18

*Mga kapatid, ako ay nagsasalita ayon sa tao, kapag napagtibay na ang tipan ng isang tao, walang makapagdaragdag o makapagpapawalang-bisa nito. <sup>16</sup>Ngayon, ang mga pangako ay ginawa kay Abraham at sa kanyang binhi. Hindi sinasabi, "At sa mga binhi," na tungkol sa marami; kundi tungkol sa iisa, "At sa iyong binhi," na si Cristo. <sup>17</sup>Ito ang ibig kong sabihin: "Ang kautusan, na dumating pagkaraan ng apat na raan at tatlumpung taon, ay hindi nagpapawalang-bisa sa tipan na dati nang pinagtibay ng Diyos, upang pawalang saysay ang pangako. <sup>18</sup>Sapagkat kung ang mana ay sa pamamagitan ng kautusan, ito ay hindi na sa pamamagitan ng pangako, subalit ipinagkaloob ito ng Diyos kay Abraham sa pamamagitan ng pangako.*

### PANIMULA

1. Ano ang naramdaman mo nang hindi tinupad ng iyong kaibigan o asawa ang kanyang ipinangako?

*Tulay sa Pag-aaral:* Ang pangako ng tao ay maaaring hindi tuparin, ngunit iba ang pangako ng Diyos. Kapag ang isang taong pinagkakatiwalaan natin ay nabigong tuparin ang pangako niya sa atin, maaaring mawala ang tiwala natin. Ngunit kailanman ay hindi ito mangyayari sa Diyos. Makatitiyak tayo na ang kaligtasan (o pagharap natin nang matuwid sa Diyos) ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Cristo at hindi ng mga gawa ng tao dahil **ang pangako ng Diyos ay nananatili at hindi magbabago.** Ito ang binibigyang-diin ni Pablo sa Galacia 3:15-18.

### PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang Genesis 12:1-3; 13:14-16; 15:3-6; 22:15-18. Anu-ano ang ipinangako ng Diyos kay Abraham? Isalarawan ang naging tugon ni Abraham dito?
3. Basahin ang Galacia 3:15. Bakit ginamit ni Pablo ang halimbawa ng mga tipan o kasunduan ng tao? Ano ang kinalaman nito sa pagpapatunay

pamamagitan ng gawa ng tao?

3. Ang "*justification*" ay ang pagpapawalang-sala at pagbibilang ng Diyos na matuwid ang isang taong makasalanan. Basahin ang verses 15-16. Sinu-sino ang nangangailangang maibilang na matuwid upang maligtas? Bakit?
4. Bakit imposible na ang tao ay mapawalang-sala sa pamamagitan ng gawa o pagsunod sa kautusan? Bakit hindi natin mababayaran sa sarili nating gawa ang pagkakautang natin sa Diyos?
5. Sa paanong paraan lamang tayo maibibilang na matuwid ng Diyos? Bakit ito ang ninais na paraan ng Diyos upang tayo ay maligtas?
6. Sa verse 17, ano'ng karaniwang "*objection*" sa doktrina ng "*justification by faith alone*" ang sinasagot ni Pablo?
7. Ano ang unang patunay dito ni Pablo sa verses 18-19? Bakit ang isang ibinilang na na matuwid ng Diyos ay imposibleng bumalik pa sa dati niyang kalagayan?
8. Sa verse 20, anong klaseng buhay ang ipinamumuhay ng isang tunay na pinawalang-sala na ng Diyos? Ano ang makikita natin ditong relasyon ng "ebanghelyo" sa ating pang-araw-araw na pamumuhay?

### PAGSASABUHAY

9. Paano mo ipapaliwanag ang "*justification by faith alone in Christ alone*"? Ibahagi ito sa isang partner at isiping siya ay hindi pa mananampalataya. Pagkatapos ay pag-usapan kung bakit mahalaga na lubos nating maunawaan ang doktrinang ito.
10. Kung titingnan mo ang buhay mo ngayon, sa paanong paraan sumasalungat ang iba mong ginagawa sa mensahe ng "*justification by faith alone*"? Ano'ng gagawin mo ngayon upang matiyak, gaya ni Pablo, na hindi nawawalan ng kabuluhan sa pamumuhay mo ang biyaya ng Diyos at ang kamatayan ni Jesus?

LESSON 8  
**FOOLISH GALATIANS!**

**GALACIA 3:1-5**

*O hangal na mga taga-Galacia! Sino ang gumayuma sa inyo? Sa harapan ng inyong mga mata ay hayagang ipinakita si Jesu-Cristo na ipinako sa krus! <sup>2</sup>Ang tanging bagay na nais kong matutuhan mula sa inyo ay ito: Tinanggap ba ninyo ang Espiritu sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, o sa pamamagitan ng pakikinig sa pananampalataya? <sup>3</sup>Napakahangal ba ninyo? Nagpasimula kayo sa Espiritu, ngayon ba'y nagtatapos kayo sa laman? <sup>4</sup>Inyo bang naranasan ang maraming bagay ng walang kabuluhan?---kung tunay nga na ito ay walang kabuluhan. <sup>5</sup>Ang Diyos ba ay nagbibigay sa inyo ng Espiritu at gumagawa ng mga himala sa gitna ninyo sa pamamagitan ng inyong pagtupad sa mga gawa ng kautusan, o sa pakikinig sa pananampalataya?*

**PANIMULA**

1. Basahin ang unang binanggit ni Pablo sa kanila sa verse 1 (You foolish Galatians!) at verse 3 ("Are you so foolish?"). Sa tono ng pananalita ni Pablo, ano sa tingin ninyo ang nararamdaman niya? Kung kayo ang nasa katayuan ng mga taga-Galacia, ano ang magiging reaksiyon ninyo? Mayroon bang basehan si Pablo bakit parang medyo direkta at masakit ang pananalita niya?

*Tulay sa Pag-aaral:* Seryoso ang nangyayari sa mga taga-Galacia. Hindi ito maaaring palampasin ni Pablo. Unti-unti na silang lumalayo sa katuruang narinig nila noon mula kay Pablo, isang tunay na apostol na sugo ni Jesu-Cristo. Kung sila ay patuloy na maniniwala na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya at gawa, at hindi sapat ang pananampalataya lang, dapat talaga silang pagsabihan ni Pablo. Para silang mga hibang na wala sa katinuan ang pag-iisip. Alam na nila ang totoo, lumalayo pa sila, nakikinig pa sila sa mga "Judaizers." Titingnan natin ngayon kung bakit naging "kahangalan" ang ginagawa ng mga taga-Galacia at paano natin maiiwasan ang malaki nilang pagkakamali.

3. Bakit nasa ilalim ng sumpa ng Diyos ang mga taong umaasa sa pagsunod sa Kautusan? Ano'ng malaking problema ng tao sa pagtatangka niyang makaabot sa Diyos sa sarili niyang gawa?
4. Anong klaseng tao ang tinutukoy dito ni Pablo? Mga kriminal o mga relihiyoso? Patunayan ang sagot.
5. Bakit hindi maaaring sabay na magtiwala sa sariling gawa at sa ginawa ni Cristo?
6. Paano nakikita sa atin na tayo'y nagtiwala pa rin sa sarili nating gawa kahit sinasabi nating kay Cristo tayo nagtiwala? Anong tugon ang nais ng Diyos na gawin natin ukol dito?
7. Basahin ang verses 13-14. Sa laki ng problema ng tao, anong solusyon ang ginawa ng Diyos? Paano naging solusyon si Cristo sa problema natin?
8. Sa ginawang pagtubos sa atin ni Cristo, ano ang malaking biyayang napasaatin? Paano ito naging isang malaking pagpapala mula sa Diyos?
9. Sa laki ng pagpapalang tinanggap natin mula sa Diyos, bakit sa tingin ninyo mas nakatuon ang isip natin sa mas maliliit na pagpapala?

**PAGSASABUHAY**

10. Sa anu-anong pagkakataon nasusumpungan ka ng Diyos na nagtiwala sa sarili mong kabutihan sa halip na sa ginawa ni Cristo para sa iyo? Ano ang gagawin mo ukol dito?
11. Maglaan ng pansariling pananalangin ng pagsisisi. Magpasalamat sa Diyos dahil sa laki ng ginawa niya para sa iyo.

LESSON 10  
**FROM CURSE TO BLESSING**

**GALACIA 3:10-14**

*Sapagkat ang lahat na umaasa sa mga gawa ng kautusan ay nasa ilalim ng sumpa; sapagkat nasusulat, "Sumpain ang bawat isang hindi sumusunod sa lahat ng bagay na nasusulat sa aklat ng kautusan."*

<sup>11</sup>*Ngayon ay maliwanag na walang sinumang inaaring-ganap sa harapan ng Diyos sa pamamagitan ng kautusan, sapagkat "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya."*

<sup>12</sup>*Subalit ang kautusan ay hindi nakasalig sa pananampalataya; sa halip, "Ang gumagawa ng mga iyon ay mabubuhay sa mga iyon."*

<sup>13</sup>*Tinubos tayo ni Cristo mula sa sumpa ng kautusan nang siya'y naging sumpa para sa atin---sapagkat nasusulat, "Sumpain ang bawat binibitay sa punungkahoy"---<sup>14</sup>upang kay Cristo Jesus ang pagpapala ni Abraham ay dumating sa mga Hentil, upang ating tanggapin ang pangako ng Espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya.*

**PANIMULA**

1. Naranasan mo na bang pagkatiwalaan ang isang bagay o isang tao dahil akala mong makakabuti sa iyo ngunit makakasama pa pala? Ano'ng ginawa mo pagkatapos?

*Tulay sa Pag-aaral:* Kung alam nating ang isang bagay ay hindi mapagkakatiwalaan dahil makakasama pa sa atin, may gagawin tayong pagbabago. Alam nating ang sarili nating kakayahang sumunod sa mga utos ng Diyos ay hindi natin maaaring pagkatiwalaan dahil kapahamakan lang ang idinulot nito sa atin. Dito sa verses 10-14 ay patutunayan ni Pablo na kung ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya sa pangako ng Diyos na nakay Cristo, nangangahulugang ito'y hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan.

**PAGSASALIKSIK**

2. Basahin ang verses 10-12. Ayon sa mga talatang ito, isalarawan ang kalagayan ng mga taong umaasa sa Kautusan para sa kanilang kaligtasan? Bakit ito isang kalagayan na dapat iwasan ng tao?

**PAGSASALIKSIK**

2. Basahin ang verse 1. Bakit nasabi ni Pablo na parang may "gumayuma" sa kanila? Maliwanag bang naipaliwanag ni Pablo sa kanila kung ano ang ibig sabihin ng kamatayan ni Cristo? Patunayan.
3. Batay sa verse 1, ano ang makikita nating "kahangalan" ng mga taga-Galacia patungkol sa kanilang pagpapahalaga sa kamatayan ni Cristo? Paano natin maiiwasan ito?
4. Basahin ang verses 2-3. Sa paanong paraan nagsimula ang mga taga-Galacia sa kanilang espirituwal na buhay? Sa paanong paraan magpapatuloy at matatapos ang kanilang buhay Cristiano? Ano ang makikita natin ditong ministryo ng Banal na Espiritu sa buhay ng mga Cristiano?
5. Batay sa verses 2-3, ano ang makikita nating "kahangalan" ng mga taga-Galacia patungkol sa kanilang pagpapahalaga sa pagkilos ng Banal na Espiritu? Paano natin maiiwasan ito?
6. Basahin ang verses 4-5. Bakit nawawalang kabuluhan ang mga karanasan nila noong dati kung magpapatuloy sila sa pamumuhay ayon sa kanilang sariling gawa? Ano ang ipinapakita ni Pablo na klase ng pagkilos ng Diyos sa kanilang buhay Cristiano?
7. Batay sa verses 4-5, ano ang makikita nating "kahangalan" ng mga taga-Galacia patungkol sa kanilang pagpapahalaga sa kapangyarihan ng Diyos sa buhay nila? Paano natin maiiwasan ito?

**PAGSASABUHAY**

8. Anong bahagi ng buhay mo ngayon ang nakikita mong ginagawa mo sa pamamagitan ng sariling lakas o sikap sa halip na pagtitiwala sa pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng Espiritu batay sa ginawa ni Jesus sa krus? Paano mo mailalapat sa iyong sitwasyon ang mga natutunan mo ngayon?

LESSON 9  
**BLESSED SONS OF ABRAHAM**

**GALACIA 3:6-9**

*Kung paanong si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at ito'y ibinilang sa kanya na katuwiran. <sup>7</sup>Kaya't inyong nakikita na ang mga sumasampalataya ay mga anak ni Abraham. <sup>8</sup>At ang kasulatan, na nakakaalam nang una pa man na aariing-ganap ng Diyos ang mga Hentil sa pamamagitan ng pananampalataya, ay ipinahayag ang ebanghelyo nang una pa man kay Abraham, na sinasabi, "Sa iyo ay pagpapalain ang lahat ng mga bansa." <sup>9</sup>Kaya't ang mga sumasampalataya ay pinagpapalang kasama ng mananampalatayang si Abraham.*

**PANIMULA**

1. Sinong tao ang sa tingin mo ay may pinakamahalagang koneksiyon ka? Bakit mo nasabing mahalaga ang koneksiyon mo sa taong ito? Ano ang mangyayari kung wala ang koneksiyong ito?

*Tulay sa Pag-aaral:* Mahalaga sa ating mga Pilipino ang mga koneksiyon sa mahahalagang tao – sa pulitika, sa paghahanap ng trabaho, sa transaksyon sa gobyerno, o sa pagharap sa krisis pampamilya. Mahalaga ito dahil mayroon tayong nakukuhang “benefits” o “advantages.” Para sa mga Judio, isa sa ipinagmamalaki nila ay ang “koneksiyon” nila kay Abraham dahil sa napakalaking pangako ng Diyos sa kanya na sa tingin nila ay mapapasakanila rin kung sila ay mga “anak ni Abraham.” Sa Galacia 3:6-9, ipagpapatuloy ni Pablo ang pagtatanggol sa doktrina ng kaligtasan na ang pananampalataya lamang kay Cristo ang paraan upang maligtas ang isang tao – Judio man o Hentil – at hindi sa pamamagitan ng pagiging Judio o pagsunod sa kautusan. Sa mga talatang ito, si Abraham ang kanyang ginawang halimbawa.

**PAGSASALIKSIK**

2. Basahin ang verse 6. Ito ay galing sa Genesis 15:6 (basahin rin). Ano ang makikita natin ditong pinanghawakan (o pinanaligan) ni Abraham? Ano ang naging resulta nito? Siya ba ay nagkaroon ng kaligtasan dahil siya ay nasumpungan ng Diyos na matuwid o dahil siya ay ibinilang na matuwid? Patunayan ang sagot.

3. Ano sa tingin ninyo ang kahalagahan na malaman natin na tayong mga makasalanang ay naligtas nang tayo'y *ibinilang* o *ituring* na matuwid bago pa man tayo *maging* matuwid?
4. Basahin ang verse 7. Sa mga Judio na nagsasabing sila ang mga anak ni Abraham, ano sa tingin ninyo ang nais iparating dito ni Pablo? Bakit nakabatay ang pagiging anak ni Abraham sa pananampalataya at hindi sa “*biological connection*”?
5. Basahin ang verse 8. Bakit mahalaga para sa ating mga Pilipino na maging mga anak rin ni Abraham?
6. Anong pagpapala ang tinanggap ni Abraham na tatanggapin din natin kung tayo ay kanyang mga anak? Tingnan ang 1 Pedro 3:18 at Filipos 3:8-9. Ano'ng dapat itama sa ating mga Cristiano kapag naririnig natin ang salitang “pagpapala” o “biyaya”?
7. Basahin ang verse 9. Paano natin matatanggap ang pagpapalang ibinigay ng Diyos kay Abraham? Ano ang kaugnayan dito ni Cristo at ano ang kaugnayan na dapat mayroon tayo kay Cristo? Tingnan ang Mateo 1:1.

**PAGSASABUHAY**

8. Ikaw ba ay tunay na anak ni Abraham? Para sa iyo, bakit ito mahalaga? Paano mo natiyak na ikaw nga ay tunay na anak ni Abraham at sa gayon ay tatanggap ng ipinangakong pagpapala ng Diyos na nakay Cristo?
9. Sino ang isang kapamilya o kaibigan ang sa tingin mo ay hindi pa anak ni Abraham at wala pang kaugnayan kay Cristo? Ano ang gagawin mo sa mga susunod na araw para simulang ibahagi sa kanya ang “pagpapala” ni Abraham?